

Sakit na Meningococcal

1. Ano ang sakit na meningococcal?

Ang meningitis ay sanhi ng maraming uri ng mikrobiyo. Ang sakit na meningococcal ay sanhi ng mga bakterya (mikrobiyo) na tinatawag na *Neisseria meningitis*. Makikita ang mikrobiyong ito sa ilong at lalamunan. Isa sa bawat sampung tao ang maaaring magdala ng mikrobiyong ito nang hindi nagkakasakit.

2. Paano kumakalat ang sakit na meningococcal?

Kumakalat ang mikrobiyong ito mula sa isang tao papunta sa isa pang tao kapag mayroong direktang pagkakadikit sa laway (dura) o maliliit na patak sa hangin na lumalabas kapag umuubo o bumabahin. Malapit na pagkakadikit (tulad ng paghahalikan), ang magkasamang pagtira sa parehong sambayanan, o pagbabahagi ng mga kubiyertos, pagkain, o inumin ay maaari ring maikalat ang mikrobiyong ito.

3. Anu-ano ang mga palatandaan ng sakit na meningococcal?

Kung mayroon kayong ilan sa mga sintomas na ito, magpatingin kaagad sa doktor.


- Mataas na lagnat
- Paninigas ng leeg
- Pagkalito
- Pantal
- Masamang sakit na ulo
- Nasusuka at pagsusuka
- Mababang presyon ng dugo
- Pananakit ng kalamnan sa buong katawan

4. Paano ginagamot ang sakit na meningococcal?

Maaaring magamot ang sakit na ito kung gagamutin nang maaga sa pamamagitan ng mga antibiyotiko (gamot na pumapatay ng bakterya). Ang mga antibiyotiko ay dapat ireseta ng isang doktor. Ipapaliwanag ng doktor kung paano iinumina nang tama ang mga antibiyotiko.

5. Paano ninyo maiiwasan ang sakit na meningococcal?

- Huwag magbahagi ng mga kubiyertos, pagkain, inumin, lip balm, o mga sigarilyo.
- Gamitin ang inyong siko o ang tissue upang takpan ang inyong ilong at bibig kapag umuubo o bumabahin kayo.
- Limitahan ang malapit na pagkakadikit sa mga taong may sakit.
- Makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa pagbabakuna kung sa palagay ninyo kayo ay mayroong mas mataas na tiyansang magkasakit. Kung nagkaroon kayo ng malapit na pagkakadikit sa isang taong nagkaroon pa lang ng sakit na ito, makipag-ugnayan kaagad sa inyong doktor upang makakuha ng pang-iwas na gamot.



Mga Mahalagang Bagay

- Ang sakit na meningococcal ay sanhi ng bakterya (mga mikrobiyo) at maaaring magamot sa pamamagitan ng mga antibiyotiko.
- Huwag magbahagi ng mga kubiyertos, pagkain o iba pang mga gamit na maaaring magkalat ng mga mikrobiyo sa pamamagitan ng laway.
- Ipagpatuloy ang malusog na mga gawi tulad ng pagtigil sa paninigarilyo at pag-iwas sa mga taong may sakit.
- Makipag-usap sa inyong doktor upang malaman kung nararapat sa inyo ang pagbabakuna.

Para sa karagdagang impormasyon:

Los Angeles County,
Kagawaran ng Kalusugan ng
Publiko (Department of Public
Health)

<http://publichealth.lacounty.gov/acd/>

- Inirerekomenda ang pagbabakuna para sa mga bata at nasa hustong gulang na 2 buwan at mas matanda pa na positibo sa HIV, mga estudyante sa kolehiyo na nakatira sa mga dormitoryo, mga manggagawa sa mga pang-medikal na laboratoryo, mga tao na hindi gaanong malalabanan ang sakit, lahat ng lalaking bakla o bisekswal, at mga bata at tineyder na edad 11-12 na magkakaroon ng pangalawang bakuna sa edad na 16 na taong gulang.

**Kagawaran ng Kalusugan ng
Publiko ng California (California
Department of
Public Health)**

www.cdph.ca.gov/healthinfo

**Mga Sentro para sa Pagkontrol at
Pag-iwas sa Sakit (Centers for
Disease Control and Prevention,
CDC)**

www.cdc.gov/diseasesconditions

QID-HEA-0007-12 (07/27/16)

